“Pakiayos ng schedule ko. Sabi ni Lolo, magaling ka raw magtrabaho kaya ini-expect ko na gagawin mo lahat ng mga ipapagawa ko, even personal matters.” Uminom ito ng tubig, mukhang tapos nang kumain.

*How personal?* Napalunok siya.

Payak itong tumawa. “Bakit ka namumula? Celine, alam kong naintindihan mo ang tinutukoy ko.”

“Ano ba kasi ang ipapagawa mo sa akin?” Kinakabahan siya. Mukhang mahihirapan yata siya sa amo niya.

“Kumuha ka ng papel at ballpen d’un sa tabi ng telepono at ilista mo ang routine ko araw-araw pati na ang mga transactions ko. Be attentive dahil ayaw kong inuulit ang mga sinasabi ko.”

Napaawang ang bibig niya saka namaywang. “Teka lang, am I gonna be your personal yaya and personal assistant at the same time?”

“Akala ko ba nag-apply ka para maging katulong dito sa bahay? Even I was wondering how in hell you got Lolo to agree. Mukhang hindi ka naman sanay sa gawaing-bahay.”

Naningkit ang kanyang mga mata. Katulong? Siya, si Celine Guzon na isang socialite ay nag-apply na isang katulong? Hindi yata iyon matanggap ng pride niya. Nasaan ba si Don Roberto at ito na lang ang kakausapin niya?

“All right, you’re fired. I don’t need you. Una ko palang kita

sa 'yo, alam ko nang wala kang alam," balewalang sabi ni Dino.

*Huminahon ka, Celine, dito nakasalalay ang negosyo n'yo. You can't blow this job.*

Tumikhim siya saka ngumiti. "Sorry, nabigla lang naman ako, *Sir*." Binigyan niya pa ng diin ang huling sinabi. "Kukuha na po ako ng pen and paper." Hindi na niya ito binigyan pa ng pagkakataong magsalita. Agad siyang tumakbo para kumuha ng papel at ballpen.

Pagbalik niya sa komedor ay wala na roon si Dino. Nakita niyang nagliligpit na si Manang Salome.

"Manang, nasaan na po si Dino?"

"Aba'y umakyat na sa kuwarto niya, Celine."

"Gan'un po ba? Sige po, salamat." Nagmamadali siyang pumanhik. Kumatok siya sa pinto nito pero walang nagbukas. Itinodo niya ang pagkatok, paulit-ulit niya iyong ginawa. Hindi bale nang masungit ito. Pasasaan ba't mapapaamo niya rin ito? Tingnan niya lang kung hindi ito mahulog sa alindog niya.